

# Ang Pananim Ni Pedring


Isinulat at Iginuhit nina:
**Pearl Joy B. Fontelera**
**Judelyn B. Baluyot**
**Rialyn B. Cayabyab**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**


Dala ng katandaan ng mga magulang ni Pedring, siya na ang pinamahala ng malawak na sakahan ng kanyang mga magulang sa Botolan.


Kamote ang itinatanim ng kanyang mga magulang, subalit ayaw ni Pedring ng kamote. Ang gusto niyang itanim ay palay.

Matagal hindi binungkal ni Pedring ang kanilang lupain dahil hindi niya ito kinasanayang gawin. Subalit ng maubos ang naiwang salapi ng kanyang mga magulang ay napilitan itong pataniman.

“Taniman ninyo ng palay ang aking lupain,” wika nito sa kanyang mga manggagawa sa bukid.

“Matigas ang  lupa, kaya mahirap taniman ng palay,” wika ng upahang magsasaka sa kanya.

“Palay ang gusto ko, dahil mataas ang bilihan ng palay kaysa sa kamote,” pagmamatigas na wika ni Pedring.



Walang nagawa ang mga magsasaka kundi sundin siya. Hirap sila sa patubig dahil mataas ang lugar ng lupain nila.


Lumipas ang ilang buwan. Nabansot at kakaunti lamang ang naging ani ng palay.

“Bakit naging ganyan ang ani?” “Pinabayaan ninyo,” galit na wika ni Pedring. “Lagyan ng abonong galing sa ibang lugar.”

Walang nagawa ang mga bayarang magsasaka at sinunod si Pedring.

Patuloy na nabansot at namatay ang mga palay sa mga abonong nilagay sa palayan. Dagdag pa ay nagkaroon ito ng mga insektong ngayon lamang nila nakita sa Botolan.





Lumaganap ang peste sa Botolan kaya nagalit ang ibang magsasaka sa lugar nila.

"Makinig ka Pedring sa mga tunay na magsasaka!" sigaw ng iba pang magsasaka sa Botolan.

"Pedring, pag-aralan mo ang nangyari sa lupa mo, huwag ipilit ang gusto mo. Pakinggan mo ang mga trabahador mo!" dagdag pa ng mga taga-Botolan.

"Magsaka ka, ikaw ang gumawa sa lupa mo!" sigaw ng mga tao sa kaniya.

Buhat noon, naging aral kay Pedring ang kaniyang pagkalugi at perhuwisyong dulot niya sa mga sakahan ng Botolan.

